Mga Karapatang Pantao sa British Columbia:
Diskriminasyon sa Edad

Ginawa ang fact sheet na ito upang matulungan kang maunawaan ang diskriminasyon sa edad sa BC. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring kontakin ang **BC Human Rights Clinic**. Makukuha ang impormasyon kung paano sila makokontak sa huling bahagi ng fact sheet na ito.

May batas sa British Columbia upang protektahan at itaguyod ang mga karapatang pantao. Ito ay tinatawag na *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao* sa *BC* o ang *Alituntunin* (*BC Human Rights Code* or the *Code*). Pinoprotektahan ka ng *Alituntunin* mula sa mga masamang pagtrato o pagkakait ng benefit dahil sa iyong edad. Nagpapahintulot ito sa iyong magsampa ng reklamo sa BC Human Rights Tribunal kung may paniniwala kang ikaw ay biktima ng diskriminasyon.

Pinoprotektahan ka rin ng *Alituntunin* mula sa **paghihiganti** kung may ginawa ka, o nag-iisip kang gumawa ng isang reklamo, o kung ikaw ay kasangkot dito sa anumang paraan. Itinuturing na isang **paghihiganti** kapag may taong nagnanais na saktan ka o gumanti sa iyo.

Ano ang diskriminasyon sa edad?

Ang kahulugan ng diskriminasyon sa edad ay ang masamang pagtrato sa isang tao o pagkakait ng benefit dahil sa kanyang edad. Mahalagang malaman na ang *Alituntunin* ay pinoprotektahan lamang sa diskriminasyon sa edad ang mga indibidwal na (19 taon gulang at mas matanda).

Maaring kabilang sa diskriminasyon sa edad ang pagtangging magbigay ng pagkakataon para sa isang mas nakatatandang kawani na kumuha ng training o pagkakait ng posisyon sa isang mas nakababatang kawani dahil masyadong bata ang kanyang itsura.

Diskriminasyon sa trabaho

Ang isang tagapag-empleyo ay hindi maaaring tumanggi na mag-interview, mag-hire, mag-promote o magpaalis ng isang empleyado dahil sa kanyang edad (19 taon o mas matanda).

Hindi maaaring gawing isyu ng isang tagapag-empleyo ang edad o hindi siya maaaring mag-anunsiyo para sa isang espesipikong edad kapag nagha-hire. Halimbawa, hindi dapat sabihin ng isang pag-anunsiyo para sa trabaho na "nangangailangan ng mga kabataan".

Kapag nagha-hire, maaaring magtanong ang isang tagapag-empleyo kung ikaw ay nasa legal na edad para magtrabaho. Ngunit hindi maaaring magtanong ang tagapag-empleyo ng anumang bagay kung saan matutukoy ang iyong edad tulad ng "Anong taon ka nagtapos ng mataas na paaralan?"

Matapos ng pag-hire, maaaring lehitimong kailanganing malaman ng isang tagapag-empleyo ang edad ng empleyado para sa mga layunin tulad ng enrollment sa pensiyon o benefit plans.

Diskriminasyon sa pagpapa-upa ng tirahan

Karaniwan, ang mga nagpapaupa ay hindi maaaring tumangging magpaupa sa iyo dahil sa edad mo. Hindi ka rin nila maaaring paalisin dahil sa edad mo. Halimbawa, hindi maaaring tanggihan ng isang may-ari ng apartment na umupa ang sinuman dahil sila'y nasa pagitan ng 20-29 taong gulang at iniisip ng may-ari na maingay ang mga kabataan.

May ilang mga kalagayan kung saan ang pagtanggi dahil sa edad ay pinahihintulutan tulad ng:

- Maaaring itakda ng isang nagpapaupa ang pagpapaupa sa mga taong may edad na 55 at mas matanda pa kung nasa isang all seniors building o building para lamang sa mga matatanda.
- Ang isang nagpapaupa ay may karapatang tumangging magpaupa sa anumang dahilan kung ang uupa ay makikigamit ng kusina o banyo ng nagpapaupa.

Tulúyan (Accommodation), mga Serbisyo at Pasilidad

Ang isang tao o negosyong nagbibigay ng serbisyo sa publiko ay hindi maaaring magdiskrimina sa isang tao dahil sa kanyang edad (19 o mas matanda). Kabilang dito ang mga:

- panandaliang tulúyan, tulad ng isang kuwarto sa hotel
- mga restawran o tindahan
- mga serbisyo ng gobyerno at pampublikong sasakyan
- mga recreation centre at iba pang mga pampublikong pasilidad

Mga halimbawa ng diskriminasyon batay sa edad:

- Ang isang campground ay hindi maaaring sumingil ng $100 damage deposit sa isang grupo ng mga 20 taong gulang nang hindi sumisingil ng parehong halaga sa isang mag-asawang nakatatanda.
- Ang isang klinika ng doktor ay hindi maaaring tumangging kumuha ng isang mas nakatatandang pasyente dahil "ang mga taong mas matanda ay napakaraming mga problemang medikal at sila'y kumukonsumo ng masyadong maraming oras."

Tungkulin na Tumulong (Duty to Accommodate)

Ang ibig sabihin ng **tungkulin na tumulong** ay may legal na tungkulin na iakma ang isang patakaran, gawain o serbisyo upang matugunan ang pangangailangan ng isang tao dahil sa kanyang edad. Halimbawa, dahil sa pangangailangan ng isang taong nakatatanda ay maaaring kinakailangang iakma ang mga karaniwang gawain para sa taong iyon. Ang pagtangging gawin ang mga nasa katuwirang hakbang upang mapaglingkuran ang espesyal na mga pangangailangan ng taong nakatatanda ay maaaring isang pagdiskrimina, maliban kung ang mga hakbang na kinakailangang gawin ay magiging sanhi ng **di-nararapat na kahirapan (undue hardship)**.

Paano ko malalaman kung ang aking reklamo ay may kinalaman sa mga Karapatang Pantao?

Upang gumawa ng isang reklamo sa ilalim ng *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao* sa BC, **ang lahat ng mga sumusunod** ay dapat na katotohanan:

- Ikaw ay trinato nang masama o tinanggihang bigyan ng isang benefit.
- May ugnayan ang naging paraan ng pagtrato sa iyo (nang masama o pagtangging bigyan ng benefit) sa iyong edad.
- Ang pagtrato ay naganap sa isang insidente tulad ng sa trabaho, tindahan o restawran, o sa pagitan ng isang nagpapaupa at umuupa.

Dapat mong isampa ang iyong reklamo sa loob ng anim na buwan matapos na mangyari ang insidente. (Tandaan: May ilang mga hindi kasali sa nakatakdang panahong ito.) Ang pagsasampa ng reklamo ay nagsisimula sa isang legal na prosesong katulad ng proseso sa hukuman. Ang taong nagsasampa ng reklamo ay kinikilala bilang **nagrereklamo (complainant).**

Para sa panimulang kaalaman tungkol sa mga Karapatang Pantao sa BC, mangyaring tingnan ang fact sheet ng **Mga Karapatang Pantao sa British Columbia: Ano ang mga kailangan mong malaman.**

Saan ako maaaring humingi ng tulong?

Ang **mga nagrereklamo** saan mang panig ng probinsiya ay maaaring makakuha ng impormasyon sa **BC Human Rights Clinic**. Ang mga kawani sa Clinic ay maaaring tumulong sa iyong maunawaan ang *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao* o harapin ang isang reklamo sa karapatang pantao sa probinsiya. Maaaring kwalipikado ka para sa iba pang mga uri ng serbisyo. Kausapin ang isang kawani sa Clinic upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat.

BC Human Rights Clinic

300-1140 West Pender Street, Vancouver, B.C. V6E 4G1
Telepono: 604 622-1100
Tawagan nang libre ang: 1 855 685-6222
Fax: 604 685-7611
Online: www.BCHRC.net

Kapag ang isang tao ay nagsampa ng reklamo laban sa iyo, ikaw ay ang taong **sumasagot (respondent)** sa reklamo. Ang **mga** taong **sumasasagot** saan mang panig ng probinsiya at ang mga taong **nagrereklamo** sa Victoria-area ay maaaring makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pagkontak sa:

University of Victoria

Law Centre Clinical Law Program
Suite 225 – 850 Burdett Avenue, Victoria, B.C. V8W 1B4
Telepono: 250 385-1221
Tawagan nang libre ang: 1 866 385-1221
E-mail: reception@thelawcentre.ca

Maaari kang idirekta sa **BC Human Rights Tribunal** upang isampa ang iyong reklamo.

BC Human Rights Tribunal

Suite 1170 – 605 Robson Street, Vancouver, B.C. V6B 5J3
Telepono: 604 775-2000
Tawagan nang libre ang: 1 888 440-8844
TTY (para sa may kapansanan sa pandinig): 604 775-2021
Online: www.bchrt.gov.bc.ca

Ang information sheet na ito ay ginawa para mapagkunan ng pangkalahatang impormasyon lamang. Ito ay hindi kapalit ng legal na payo.